**LESSON 9: ANG PAGSUNOD AT PAGPAPASAKOP SA DIYOS**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

**Mga Tanong:**

1. Ilan sa mga kamag-anak at kaibigan mo ang nabahaginan mo na ng ebanghelyo? Ano ang hadlang sap ag-eebanghelyo mo sa kanila? Bakit?
2. Kamusta na ang devotional life mo?
3. Anong pagbabago sa buhay mo ang maaari mong ibahagi sa grupo?
4. Kung susukatin mo ang pagpapasakop ng buhay mo kay Kristo mula sa rating na 1-10, ano ang rating na pwede mong ibigay? Bakit?

Magtalaga ng magbibigay ng Memory Verse.

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

1. **Genesis 6:13-14,22 ASND**
   13 Kaya sinabi niya kay Noe, "Lilipulin ko ang lahat ng tao. Dahil sa kanila, lumaganap ang kasamaan sa mundo. Lilipulin ko sila kasama ng mundo. 14 Kaya ikaw Noe, gumawa ka ng barko mula sa matibay na kahoy, at gawan mo ito ng mga kwarto. Pagkatapos, pahiran mo ng alkitran ang loob at labas ng barko. 22 Sinunod ni Noe ang lahat ng iniutos ng Dios sa kanya.

2. **Hebreo 11:7 ASND**
   Dahil sa pananampalataya, pinakinggan ni Noe ang babala ng Dios tungkol sa mga bagay na mangyayari kahit hindi pa niya nakikita. Kaya gumawa siya ng isang barko para mailigtas niya ang kanyang sarili at ang pamilya niya. At sa pananampalataya niya, hinatulan ang mga tao sa mundo, pero itinuring siyang matuwid ng Dios.

3. **Deuteronomio 28:1-2 ASND**
   1 "Kung lubos ninyong susundin ang Panginoon na inyong Dios at gagawin ang lahat ng utos niya na ibinibigay ko sa inyo ngayon, gagawin niya kayong nakakahigit sa lahat ng bansa rito sa mundo. 2 Kung susundin ninyo ang Panginoon na inyong Dios, mapapasainyo ang lahat ng pagpapalang ito:

4. **Genesis 12:1-4 ASND**
   1 Ngayon, sinabi ng Panginoon kay Abram, "Lisanin mo ang iyong bansa, ang mga kamag-anak mo, at kahit ang sambahayan ng iyong ama, at pumunta ka sa lugar na ipapakita ko sa iyo.
   2 Gagawin kong isang tanyag na bansa ang lahi mo. Pagpapalain kita at magiging tanyag ang

iyong pangalan. Sa pamamagitan mo, marami ang pagpapalain. 3 Pagpapalain ko ang magmamagandang loob sa iyo. Pero isusumpa ko naman ang susumpa sa iyo. Sa pamamagitan mo, pagpapalain ko ang lahat ng tao sa mundo.”
4Kaya umalis si Abram sa Haran at pumunta sa Canaan, ayon sa sinabi ng Panginoon sa kanya. Nasa 75 taong gulang noon si Abram. Sumama sa kanya ang pamangkin niyang si Lot.

5. **1 Samuel 15:22-23 ASND**
   22 Pero sumagot si Samuel, “Mas nalulugod ba ang Panginoon sa mga handog ninyo kaysa sa pagsunod sa kanya? Ang pagsunod sa Panginoon ay mas mabuti kaysa sa mga handog. Ang pakikinig sa kanya ay mas mabuti kaysa sa paghahandog ng mga taba ng tupa. 23 Ang pagsuway sa Panginoon ay kasinsama ng pangkukulam at ang katigasan ng ulo’y kasinsama ng pagsamba sa mga dios-diosan. Dahil sa pagsuway mo sa salita ng Panginoon, inayawan ka rin niya bilang hari.”

6. **Isaias 56:2 ASND**
   Mapalad ang mga taong gumagawa nito at ang mga sumusunod sa aking mga ipinapagawa sa Araw ng Pamamahinga. Mapalad din ang taong hindi gumagawa ng masama.”

7. **Mateo 7:21-23 ASND**
   21 “Marami ang tumatawag sa akin ng ‘Panginoon’, pero hindi ito nangangahulugan na makakapasok sila sa kaharian ng langit. Ang mga tao lang na sumusunod sa kalooban ng aking Amang nasa langit ang mapapabilang sa kanyang kaharian. 22 Marami ang magsasabi sa akin sa Araw ng Paghuhukom, ‘Panginoon, hindi ba’t sa ngalan n’yo ay nagpahayag kami ng inyong salita, nagpalayas ng masasamang espiritu at gumawa ng maraming himala?’ 23 Ngunit sasabihin ko sa kanila, ‘Hindi ko kayo kilala! Lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng masama!”

8. **Lukas 14:26-27 ASND**
   26 “Ang sinumang nais sumunod sa akin, pero mas mahalaga sa kanya ang kanyang ama at ina, asawa at mga anak, mga kapatid at maging ang kanyang sarili ay hindi maaaring maging tagasunod ko. 27 Ang sinumang ayaw sumunod sa akin dahil natatakot siyang mamatay para sa akin ay hindi maaaring maging tagasunod ko.

9. **Juan 10:27 ASND**
   Nakikinig sa akin ang aking mga tupa. Kilala ko sila at sumusunod sila sa akin.

10. **Juan 14:21 ASND**
    “Ang sinumang tumatanggap at sumusunod sa mga utos ko ang siyang nagmamahal sa akin. At ang nagmamahal sa akin ay mamahalin din ng aking Ama. Mamahalin ko rin siya, at ipapakilala ko ang aking sarili sa kanya.”

11. **Pahayag 22:7 ASND**
    Sinabi ni Jesus, “Malapit na akong dumating! Mapalad ang mga sumusunod sa mga pahayag ng Dios sa aklat na ito.”

**MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Ang pagsunod sa Diyos ay pagpapatunay ng ating pananampalataya sa Kanya.
2. Ang pagsunod ay higit na mahalaga kaysa sa pag-aalay ng handog sa Diyos.
3. Ang pagsunod ay pagpapakita ng pagmamahal sa Diyos.
4. Ang pagpapasakop kay Cristo ay katunayan ng pagiging isang disipulo.
5. Ang pagpapasakop kay Cristo ay pagtalikod sa mga kasalanan.
6. Ang tunay na pagsunod sa Diyos ay nangangahulugan ng ating pagbubuwis ng buhay sa Kanya kung kinakailangan.

**TAKDANG ARALIN:**

a. Isulat ang 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga sa iyo nan ais mong bahaginan ng discipleship lessons. Siguraduhin na mayroon ng 3 o higit pa na sisimulan mong turuan ng mga lessons sa darating na lingo. Huwag kang papayag sa sarili mo na wala kang masisimulan na maturuan.
   1.
   2.
   3.
   4.
   5.
b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magbahagi ng mensahe ng kaligtasan sa 3 tao at magpamigay ng 20-30 Gospel tracts. (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**MEMORY VERSE:** Juan 14:21 / Mateo 7:21

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang Pahayag 22:7)

> Sinabi ni Jesus, “Malapit na akong dumating! Mapalad ang mga sumusunod sa mga pahayag ng Dios sa aklat na ito.”

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.